# MAKAKATULONG SA IYO ANG BATAS NG CALIFORNIA

Kung ikaw ay isang nangungupahan o isang miyembro ng sambahayan at ikaw ay isang biktima ng karahasan sa tahanan, seksuwal na pagsalakay, lihim na pagsusubaybay, pagtatrapiko ng tao, pagmamalupit sa nakatatanda o pang-aabuso sa umaasang nasa hustong gulang at nais mong iwanan ang ari-arian dahilan sa hindi ka nakadarama na ligtas doon, ang batas ng California ay makatutulong sa iyo.

*Ang isang miyembro ng sambahayan ay sinuman sa pamilya ng nangungupahan na nakatira sa iisang tahanan na kasama ng nangungupahan. Kaya kahit na hindi ikaw, ang nangungupahan, maaari mo pa ring wakasan nang maaga ang pag-upa.

# HERA

Mga tagapagtaguyod ng mga karapatang pang-ekonomiya at pabahay ng HERA


**Makipag-ugnayan sa amin:**

(510) 271-8443 Ext. 300

inquiries@heraca.org

www.heraca.org

P.O. Box 29435

Oakland, CA 94604


California Commission on the Status of Women and Girls


Ang proyektong ito ay naging posible dahil sa isang kaloob mula sa Komisyon ng California sa Estado ng Mga Babae at mga Batang Babae (California Commission on the Status of Women and Girls).


Ikaw ba ay isang nangungupahan na naging biktima ng karahasan sa pamilya, seksuwal na pagsalakay, o lihim na pagsusubaybay?

Mayroon ka bang pananggalang na utos laban sa nang-abuso sa iyo?



Kung oo, at hindi nakatira sa iyo ang nang-aabuso sa iyo, may karapatan kang palitan ang mga kandado sa iyong tahanan.

## KUNG ANG NANG-ABUSO SA IYO AY HINDI NAKIKISAMA SA IYO:

Kung bibigyan mo ang iyong kasero ng isang nakasulat na kahilingan para sa isang pagpapalit ng kandado sa pamamagitan ng isang kopya ng utos ng hukuman o isang ulat ng pulisya na nagpapakita na ikaw ang biktima ng karahasan sa tahanan, seksuwal na pagsalakay, o lihim na pagsusubaybay, dapat baguhin ng kasero ang iyong mga kandado sa loob ng 24 na oras.

Ang utos ng hukuman o ulat ng pulisya ay hindi maaaring humigit sa 180 araw.

## ANG MGA KARAPATAN MO:

Kung hindi babaguhin ng kasero ang mga kandado sa loob ng 24 oras ng iyong nakasulat na kahilingan, kung gayon maaari mong palitan ang mga kandado nang walang pahintulot ng iyong kasero.

Ang mga kandado ay kailangang magkatulad o mas mahusay na kalidad kaysa sa lumang kandado at kailangan mong bigyan ang kasero ng isang kopya ng mga susi. Dapat mo ring ipaalam sa kasero na pinalitan mo ang mga kandado sa loob ng 24 oras ng pagpapalit. Ang mga kandado ay kailangang palitan sa isang "tulad ng manggagawang paraan" kaya ito ay kailangang gawin ng isang propesyonal na panday-susi o sa isang paraan na katulad ng kung paano ginagawa ng isang propesyonal ang trabaho.

**Paano kung sabihin sa kasunduan sa pag-upa na hindi mo maaaring palitan ang mga kandado?**

Kahit na sabihin sa kasunduan sa pag-upa na hindi mo maaaring palitan ang mga kandado, mayroon ka pa ring karapatan na sumunod sa batas ng California, kung bibigyan mo ang iyong kasero ng isang nakasulat na kahilingan para sa isang pagpapalit ng kandado at isang kopya ng "utos ng hukuman o ulat ng pulisya na nagpapakitang ikaw ay biktima ng karahasan sa tahanan, seksuwal na pagsalakay, o lihim na pagsusubaybay.

Ang batas na ito ay para lamang sa mga kasunduan sa pag-upa na pinasok noong Enero 1, 2011 o mas kalaunan.

## MGA KARAPATAN NA MAGPALIT NG MGA KANDADO, KAHIT NA ANG NANG-AABÚSO AY KINAKASAMA MO:

Sa ilalim ng California Civil Code § 1941.6, maaari mo pa ring palitan ang mga kandado at hindi papasukin ang nang-aabuso sa loob ng bahay.

Kapag binigyan mo ang iyong kasero ng nakasulat na kahilingan para sa isang pagpapalit ng kandado, dapat mo ring bigyan ang kasero ng isang kopya ng utos ng hukuman na nagsasabing ang nang-aabúso ay hindi pinapayagang lumapit sa iyo at hindi maisasama sa tahanan.

Tandaan na ang utos ng hukuman ay hindi maaaring maging mas matanda sa 180 araw.

Kung hindi babaguhin ng kasero ang mga kandado sa loob ng 24 oras, kung gayon may karapatan ka na palitan ang mga ito sa iyong sarili, gaya ng gagawin mo kung ang nang-aabuso ay hindi mo kinakasama. At mahalagang tandaan na kahit na ang nang-aabúso ay nasa labas ng bahay dahil sa utos ng hukuman, kung siya ay nakatala sa kasunduan sa pag-upa, ang nang-aabúso ay kailangan pa ring magbayad ng upa. Iyan ay nangangahulugan na hindi ka mananagot sa pananalapi para sa pagbabayad ng buong upa dahil lamang sa hindi pinapayagan ang nang-aabuso sa loob ng bahay.